


## PAGKILALA SA PAGKILOS NG DIYOS SA ATING MUNDO



### Mga Paraan ng Pagkilos ng Diyos sa Mundo

Ang pagkilos ng Diyos sa mundong nilikha niya ay may kinalaman sa buhay ng mga indibidwal, mga pamilya, at mga bansa. Kadalasan, kung ipapakita niya sa iyo kung ano ang ginagawa niya, kabilang ito dito. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga ebidensiya ng pagkilos ng Diyos:

1. **Paghahanap** – Sinabi ni Jesus sa John 6:44 na walang sinuman ang lalapit kay Jesus malibang ang Ama ang kumilos sa puso ng taong iyon upang siya'y magkaroon ng pagnanais na lumapit. Kung may nakita kang isang tao na nagtatanong tungkol sa mga espirituwal na bagay, o mga oportunidad na dumating upang makatulong sa mga taong maunawaan ang mga espirituwal na bagay, tiyak na kumikilos ang Diyos.
2. **Paghatol** – Pinaparusa ang Diyos ang kasalanan ng tao. Mahalagang malaman natin ang mga tanda ng paghatol ng Diyos upang malaman natin ang ating tugon. Bilang parusa, tinatangal ng Diyos ang karunungan ng tao (Job 12:17, 20, 24; Isa. 3:1-3; Rom. 1:18, 28; 2 Thess. 2:11; 1 Sam 2:25; 2 Sam 17:14). Parusa din ng Diyos ang talamak na pagkasira ng ating lipunan (Rom. 1:28-31; Isa. 3:4-5; Zech. 8:10). Maaari ding paraan ng paghatol ng Diyos sa isang bansa ay mga kalamidad at digmaan (2 Chr. 7:13; Jonah. 1:4; Isa. 29:6; Jer. 42:17; Judg. 2:11-15; Jer. 20:5). Sa kabila noon, hindi natin puwedeng sabihin na lahat ng kalamidad o digmaan ay gawa ng hatol ng Diyos. Makikita natin sa konteksto sa Bibliya kung paanong ang isang bansa ay lumalapit o lumalayo sa Diyos (Jer. 18:7-10).
3. **Habag** – Kung nagpaparusa man ang Diyos, kasabay nito ang mga pagkakataong ibinibigay niya upang makapagsisi ang tao. Halimbawa: Binalaan si Ahab sa huling pagkakataon sa pamamagitan ni Micaiah (1 Ki. 22:1-23); pagpapadala ng malaking isda upang iligtas si Jonah (1:15-2:9); at si Juan Bautista na nananawagan sa mga tao bago dumating ang Mesias (Mal. 4:5-6). Kadalasan gumagawa ang Diyos ng mga magagandang pangyayari upang alalahanin ang kanyang bayan at ipakita ang kanyang habag dito. Ang ministeryo ni Jesus ay ipahayag ang kabutihang-loob ng Diyos (Luke 4:19) upang sila ay magsisi bago dumating ang hatol sa kanila (Luke 19:41-44). Kapag may kapahamakang darating, pinipigilan ito ng Diyos dahil sa kanyang habag at dahil sa pagtawag sa kanya ng kanyang bayan (Am. 7:1-6; Judg. 3:15). Ipinapakita rin ng Diyos ang kanyang habag sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga maka-Diyos na mga pinuno upang pagpalain ang kanyang bayan (Job 34:29-30; 2 Chr. 9:8).

### Focus on God

Sa nakita mong ilang mga tuntunin sa Bibliya kung paanong ang Diyos ay kumikilos upang ang mga tao'y lumapit sa kanya, mayroon bang isang taong malapit sa iyo at nakikita mong kumikilos ang Diyos sa buhay niya? Sa nakita mong paraan kung paano humahatol o nagpapakita ng habag ang Diyos, mayroon ka bang kakilala na nakikita mong maaaring tinatawag ng Diyos upang magsisi sa kanyang kasalanan?



### Responding to God:

1. Maglaan ng oras sa pagpupuri sa Diyos sa kanyang pagkilos sa mundong nilikha niya at sa habag na ipinapakita niya rito. Sambahin mo siya bilang Panginoon.
2. Ipahayag at talikuran ang anumang kasalanan sa iyong buhay.



### Kingdom Prayer List

Paano ka dapat tumugon sa Diyos batay sa mga bagay na inyong napag-usapan? Ilan sa mga bagay na maaari ninyong ipanalangin:

1. Ibukas ng Diyos ang mga oportunidad para sa pag-abot natin sa mga wala pa kay Cristo.
2. Paglagong espirituwal ng bawat isa.
3. Mga pangangailangan sa iglesia.
4. Pagkakaroon ng "revival" sa mga miyembro ng iglesia.

